**SIPI MULA SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BALER, AURORA NA GINANAP NOONG IKA-3 NG OKTUBRE 2007 SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN**

Mga dumalo:

| | |
|---|---|
| KGG.NELIANTO C. BIHASA | Pang. Punong Bayan-Tagapangulo |
| KGG. ZENAIDA S. QUEIRJERO | Konsehal |
| KGG. BENJAMIN C. MATA | Konsehal |
| KGG. ZALDY R. HUGO | Konsehal |
| KGG. EDITH S. BULUAG | Konsehal |
| KGG. MARCELINO B. ZABAT | Konsehal |
| KGG. NENITA DS. GONZALES | Konsehal |
| KGG. ATHUR L. SANCHEZ | Konsehal |
| KGG. ROLANDO DC. FERNANDO | Konsehal-ABC |
| KGG. JACKIELYN PAULA C. SINDAC | Konsehal-SK |

Di-dumalo:

W A L A

**RESOLUSYONG NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG BAYAN BILANG 07-2007**

**Sapagkat,** ang bagong tayong struktura sa lahat ng seawall na nasasakupan ng Brgy Sabang Ay kapakipakinabang hindi lamang bilang proteksiyon sa malalaking alon kundi ito rin ay nakapagpapaganda ng tanawin sa tabing dagat;

**Sapagkat**, ang Seawall na parang boulevard ay nakahihikayat ng mga lokal at dayuhang turista na maglibang doon samantalang tinatanaw ang kagandahan ng karagatan;

**Sapagkat,** kinakailangang pangalagaan ng pamahalaan ang benepisyong dulot ng Seawall;

**Sapagkat,** kinakailangan na magkaroon ng Batas na magdidisiplina sa mga mamamayan at dayuhan upang mapanatiling malinis at kaayaaya sa paningin ang Seawall,

**Dahil dito**, sa mungkahi ni Kgg. Edith S. Buluag na pinangalawahan ng lahat ng miyembro ng Sangguninan Bayan;

**Pasyahan,** na pagtibayin ang Kautusang Bayan na nagbabawal sa pagsusulat, paglalagay ng ano mang marka, pintura o paninira sa lahat ng Seawall sa nasasakupan ng Brgy Sabang.

**Kautusang Bayan Blg. 07-2007**

**KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA SINUMANG TAO, MAMAMAYAN MAN NG BALER, O DAYUHAN NA MAGSULAT, MAGLAGAY NG ANO MANG MARKA O MANIRA NG LAHAT NG SEAWALL SA NASASAKUPAN NG BRGY. SABANG, BALER, AURORA**

Seksiyon 1.Mahigpit na ipinagbabawal sa sinumang tao, mamamayan man ng Baler o dayuhan na magsulat, maglagay ng anumang marka o pintura sa lahat ng Seawall sa nasasakupan ng Brgy Sabang.

Seksiyon 2.Ang sinumang mapatunayang lumabag sa Kautusang Bayang ito ay papatawan ng kaparusahang sumusunod:

Unang paglabag - pag-aalis ng inilagay na sulat, pintura o anumang marka
Ikalawang paglabag- pag-aayos ng ginawang sira sa Seawall at multa na P1,000.00.
Ikatlong paglabag - paghahain ng kaso sa Korte at kaparusahan ayon sa ihahatol ng Hukuman.

Seksiyon 3.Ang sinumang tao na makakasaksi sa ginawang paglabag ay hinihikayat na makiisa sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagrereport sa pulisya o sa opisina ng Punong Bayan.

Seksiyon 4.Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay at makapaglagay ng babala sa lugar ng Seawall sa nasasakupan ng Brgy Sabang.

May-akda ng Ordinansa:

KON. EDITH SOTERO BULUAG
Chairman, Committee on Tourism

**GLORIOSO A. VILLAFRANCA**
SB Kalihim

Nagpapatunay:

**NELIANTO C. BIHASA**
Pang. Punong Bayan-Tagapangulo

Pinagtibay:

**ARTURO J. ANGARA**
Punong Bayan